



Disyembre 12, 2023

Mahal na mga Kasamahan sa Pagpapatupad ng Batas:

Upang mabisang maprotektahan at mapagsilbihan ang mga komunidad at isakatuparan ang kanilang napakahalagang layunin, ang mga ahensiya sa pagpapatupad ng batas (LEAs) ay dapat na marunong makipag-usap sa isang wasto at napapanahong paraan sa lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang wikang sinasalita. Araw-araw, nakikipanayam ang mga tauhan ng pagpapatupad ng batas sa buong bayan sa mga saksi, mga biktima, at mga kasakop; nakikipag-usap tungkol sa mahahalagang impormasyon sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran; at pinananatili ang mga linya ng telepono at mga websites upang mapadali ang daloy ng impormasyon. Ngunit kadalasan, ang mga indibidwal na may limitadong kakayahan sa Ingles (LEP), yung mga may limitadong kakayahan sa pagsasalita, pagbasa, pagsulat o pag-intindi ng wikang Ingles, ay humaharap sa mas malalaking mga hadlang kapag naghahanap ng proteksyon o pakikipag-usap sa estado o lokal na mga LEA.<sup>1</sup>

Ang pagtagumpayan sa mga hadlang sa wika sa loob ng isang ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay kritikal dahil sa tatlong pangunahing mga dahilan. Una, pinoprotektahan ng wasto at napapanahong pakikipag-usap ang mga pulis at ang publiko. Kapag ang mga banta o iba pang mahahalagang impormasyon ay hindi naintindihan, ang mga buhay ay maaaring ilagay sa hindi kinakailangan panganib. Kalunus-lunos na mga kahihinatnan ang naidulot mula sa kawalan ng kakayahan ng mga pulis na makipag-usap sa isang wasto at napapanahong paraan sa mga salarin, mga biktima, o mga saksi na may mga limitadong kakayahan sa LEP.<sup>2</sup> Pangalawa, ang paggamit ng mga serbisyo sa pagsasalin, interpretasyon, at iba pang tulong sa wika ay nagtataguyod ng tiwala at pagsasama ng komunidad sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang mensahe na ang mga LEA ay nagsisikap upang pantay-pantay na malingkuran ang buong komunidad, hindi alintana ang mga hadlang sa wika. Sa wakas, ang wasto at napapanahong tulong sa wika ay nakakatulong din upang matiyak ang pagiging maaasahan ang mga kasaysayan ng saksi at iba pang ebidensiya. Ang pagtipon ng maaasahang ebidensiya ay nasa pinakapuso sa layunin ng pagpapatupad ng batas at kritikal sa pagkamit ng hustisya sa hukuman.

<sup>1</sup> Tingnan, *hal.*, Bharathi A. Venkatraman, *Lost in Translation: Limited English Proficient Populations and the Police*, The Police Chief (2006), <https://perma.cc/R6H5-TDY3>.

<sup>2</sup> Tingnan Chris Boyette & Maria Santana, *A Woman's Plea in her Native Language Goes Untranslated, Three Lives are Lost*, CNN.COM (Feb. 20, 2014), <https://perma.cc/4P3L-ECDD>; Leila Miller, *Nine Years After Guatemalan Man's Shooting, LAPD Officers Get Help to Identify Indigenous Languages*, L.A. Times (Dec. 12, 2019), <https://perma.cc/PNM4-8XNL>. Tingnan din *United States v. Botello-Rosales*, 728 F.3d 865, 867 (9th Cir. 2013) (ang paghahanap ng tagapagpayo sa wikang Espanyol ng isang pulis ay hindi tama); *United States v. Angeles-Guzman*, 683 F. Supp. 2d 397, 400–01 (E.D.N.C. 2010) (ang paggamit ng kasintahan ng isang pinaghihinalaan bilang isang tagapagsalin ay hindi sapat na ipaalam ang mga karapatan ng *Miranda*).

Karamihan sa mga LEA ay tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal, kadalasang nasa anyo ng pagpopondo ng pampederal na gawad. Isang kondisyon ng tulong na iyon ay ang pagsunod sa Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964, na binago, 42 U.S.C. § 2000d et seq. (Titulo VI), isang batas na ipinagbabawal ang pagtatangi sa bansang pinagmulan ng mga tatanggap. Bagamat ang parangal o gawad ng salapi ay ang pinakamaliwanag na halimbawa ng tulong pinansyal ng pederal, ang isang paggamit o pag-upa ng pederal na pag-aari o lupa ng LEA na mababa pa sa halaga ng pamilihan, pagsasanay na pampederal, isang pautang ng tauhan ng pederal, at mga pananalaping pederal na tulong, sumasailalim din ang isang LEA sa mga kinakailangan ng kaparaanan sa wika ng Titulo VI.<sup>3</sup> Tumatanggap din ang karamihan sa mga LEA ng tulong pinansyal ng pederal na sumasailalim sa Batas na Sumasaklaw ng Lahat ng Bagay sa Pagpigil sa Krimen at Ligtas na mga Lansangan ng 1968, na binago, 34 U.S.C. § 10228(c) (Batas sa Ligtas na mga Lansangan), kung saan ipinagbabawal din ang pagtatangi sa bansang pinagmulan.<sup>4</sup> Ang kabiguang magkaloob ng tulong sa wika ay maaaring isang anyo ng pagtatangi sa bansang pinagmulan, dahil matagal ng kinilala ng Kataas-taasang Hukuman na ang wika at pambansang pinagmulan ay tunay na magka-ugnay.<sup>5</sup>

Sa pamamagitan ng matagal na gawain ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil sa pagpapatupad ng Titulo VI at ng Batas sa Ligtas na mga Lansangan, nakita namin kung ano ang maaaring mangyari kapag pinipigilan ng mga hadlang sa wika ang wastong pag-uusap sa pagitan ng pagpapatupad ng batas at mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Nakita namin na ang isang kabiguan na magkaloob ng makabuluhang kaparaanan ay maaaring magdulot ng pag-iiwas sa pag-uulat ng mga krimen, iwanan ang mga biktima at mga saksi na may LEP na makaramdam ng panghihina sa maling mga pagsisiyasat at kahit maling pag-aresto, at parehong pagbanta sa kaligtasan ng mga pulis at pangkalahatang publiko.<sup>6</sup> Nang walang sapat na mga plano, mga pamamaraan, at mga pagsasanay na nakatalaga upang tumugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng komunidad na may LEP, nakikibaka ang mga LEA sa isang hanay na mga paksa, kabilang ang:

- pagkilala kung ang isang tao ay may limitadong kakayahan sa Ingles;
- pagpapatuloy sa Ingles sa panahon ng mga pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP;

---

<sup>3</sup> 42 U.S.C. §§ 2000d to 2000d-7; 28 C.F.R. § 42.101-app. A (2023) (mga tuntunin ng Titulo VI).

<sup>4</sup> Safe Streets Act, 34 U.S.C. § 10228(c)(1); 28 C.F.R. § 42.201-app. A (mga tuntunin ng Batas sa Ligtas na mga Lansangan ).

<sup>5</sup> Itinali ng Kataas-taasang Hukuman ang wika at pambansang pinagmulan ng hinawakan nito na ang kabiguang gumawa ng makatwirang mga hakbang upang tiyakin ang makabuluhang kaparaanan para sa mga taong may LEP ay isang anyo ng pagtatangi sa pambansang pinagmulan na ipinagbabawal ng mga tuntunin ng Titulo VI. *Tingnan Lau v. Nichols*, 414 U.S. 563 (1974).

<sup>6</sup> *Tingnan, hal.*, Statement of Interest of the United States at 2-3, *Padilla v. City of New York*, No. 1:13-cv-00076 (E.D.N.Y. Nov. 22, 2013), [https://www.justice.gov/sites/default/files/crt/legacy/2013/12/02/112213\\_SOI\\_Padilla\\_v\\_New\\_York\\_EDNY.pdf](https://www.justice.gov/sites/default/files/crt/legacy/2013/12/02/112213_SOI_Padilla_v_New_York_EDNY.pdf). Para sa isang malawak na saklaw ng pangkalahatang-ideya ng aktibidad sa pagpapatupad ng Titulo VI ng Departamento na may kaugnayan sa kaparaanan sa wika, tingnan ang pahina ng pagpapatupad sa batas ng website ng sama-samang ahensiya ng pederal, LEP.gov, sa <https://www.lep.gov/law-enforcement>.

- hindi wastong pag-kredito sa mga salaysay ng saksing nagsasalita ng Ingles higit pa sa mga indibidwal na may LEP;
- umaasa sa hindi karapat-dapat na tauhan, mga miron, mga miyembro ng pamilya, o mga awtomatikong/elektronikong aplikasyon para sa tulong sa wika; at/o,
- magkaloob ng mahahalagang mga kasulatan katulad ng mga pagsipi sa Ingles lamang.

Nilinaw ng aming malawak na gawain sa saklaw na ito na ang pagbibigay ng malaking pagkakaiba sa mga sukat, mga demograpiko, at mga mapagkukunan kabilang sa mahigit na 18,000 na mga LEA sa bansang ito, walang isang-sukat-para-sa-lahat na paglapit para sa pagtugon sa mga pangangailangan at mga hamon ng wika. Gayon pa man, ipinahayag din ng aming gawain na may ilang mga pinakamahusay na gawi sa pag-unlad ng tuluy-tuloy na pakikipag-usap sa mga taong may limitadong kakayahan sa Ingles. Halimbawa, sa Denver, Colorado, magkahawak na nagtrabaho ang Dibisyon at ang Tanggapan ng Abogado ng Estados Unidos at ang Departamento ng Pulisya ng Denver upang bumuo ng isang Panandaan ng Kasunduan at Patakaran sa Kaparaanan sa Wika na mas mabuting mapaglingkuran ang mga komunidad na may limitadong kakayahan sa Ingles.<sup>7</sup> Sa Denver, pumayag ang departamento ng pulisya na bumuo, magkaloob, at gawing institusyonal ang pagsasanay sa panahon ng sesyon ng habang-nasa-serbisyo, sa akademya ng pulisya, at sa patlang. Tinitiyak din ng Departamento ng Pulisya ng Denver ang kalidad at katumpakan ng kanilang pakikipag-usap sa mga indibidwal na may LEP sa pamamagitan ng pagsubok sa kakayahan sa wika ng mga bilingguwal na mga pulis bago sila italaga bilang karapat-dapat sa paggamit ng kanilang kahusayan sa wika sa trabaho at bigyan sila ng kabayaran para sa gawaing ito. Talaga naman, mayroong mga hakbang na karamihan, kung hindi lahat, na maaaring kunin ng mga LEA upang matiyak ang wasto at napapanahong pakikipag-usap sa mga indibidwal na may LEP, kabilang ang:

- paghirang ng isang karapat-dapat na Tagapag-tugma sa Kaparaanan sa Wika at/o mga punto sa pakikipag-ugnay sa bawat presinto upang magsilbing isang sentro para sa mga katanungan, gabay, mga mapagkukunan, pagsasanay, pagbabago, at mga kalutasan sa kaparaanan sa wika;
- tiyakin na mayroong detalyado at malawak na saklaw na mga patakaran at mga pamamaraan na naaangkop na nagkaloob sa tauhan ng gabay at direksyon kung paano kilalanin kung ang isang miyembro ng publiko ay may limitadong kakayahan sa Ingles at kung paano hanapin ang naaangkop na mga pagpipilian sa tulong sa wika at madaling maggamit ng tauhan;
- pag-iwas sa paggamit ng hindi karapat-dapat na mga mapagkukunan ng tulong sa wika, katulad ng mga bata, pamilya, mga kaibigan, o hindi karapat-dapat na mga kawani;
- pag-iwas sa paggamit ng may kinikilingang mapagkukunan ng tulong sa wika, katulad ng hinihinalang salarin;

---

<sup>7</sup> *Tingnan* Memorandum of Agreement Between the United States of America and the City and County of Denver and the Denver Police Department (Dec. 19, 2022), <https://www.justice.gov/opa/press-release/file/1558796/download>; Denver Police Department Language Access Services for Limited English Proficient (LEP) Persons (Dec. 19, 2022), <https://www.justice.gov/opa/press-release/file/1558801/download>.

- pagkuha ng nararapat na mga pagsasalin ng mahahalagang nakasulat na mga kasulatan at impormasyon;
- nakikibahagi sa regular at matibay na mga pakikipag-usap sa kaugnay na mga tagapagsapalaran ng komunidad upang makakuha ng balita at puna;
- pagbuo at pagpapatupad ng matatag at makabuluhang mga pamamaraan at proseso ng daing; at
- nagkakaloob ng mabisa, regular, masiglang pagsasanay sa mga patakaran na kaparaanan sa wika, mga pamamaraan, pinakamahusay na mga kagawian, mga halimbawa ng kaso, mga mapagkukunan, at iba pang impormasyon na ini-ayon sa indibidwal na mga kaurian ng mga empleyado, kabilang ang mga kasalukuyang mga kawani, mga bagong kaanib, at mga bilingguwal na mga empleyado.

Para maging malinaw, ang mga obligasyon sa ilalim ng Titulo VI at ng Batas sa Ligtas na mga Lansangan ay hindi lamang pampederal na mga proteksyon sa mga karapatang sibil sa mga pakikipag-ugnay sa mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa wika. Halimbawa, maraming tao na bingi o hirap sa pandinig ay nakikipag-usap gamit ang Simbolong Wika ng mga Amerikano (ASL), isang wika na hiwalay at naiiba sa Ingles, at dapat na ang mga LEA ay marunong makipag-usap ng mabisa sa kanila.<sup>8</sup> Ang mga obligasyon ng mga LEA na magkaloob ng mabisang pakikipag-usap sa mga indibidwal na bingi at hirap sa pandinig ay pinamamahalaan ng Titulo II ng Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA), at dapat tiyakin ng mga LEA ang pagsunod din sa kinakailangang iyon.<sup>9</sup>

---

<sup>8</sup> Kung walang mabisang pakikipag-usap, ang mga taong bingi o hirap sa pandinig ay nahaharap sa mga panganib ng malaking pinsala sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng batas. *Tingnan, hal., Corky Siemaszko, Colorado case shows police aren't trained to interact with the deaf community*, NBC News (Sept. 30, 2021), <https://perma.cc/CJ6N-C4F4>; *DOJ: Vancouver police to improve services for deaf people*, Associated Press (May 25, 2022), <https://perma.cc/LT5Z-8AJ6>.

<sup>9</sup> Ipinagbabawal ng Titulo II ang mga sangay ng estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang mga LEA, sa pagtatangi batay sa kapansanan na nasa kanilang mga programa, mga serbisyo, at mga aktibidad. 42 U.S.C. § 12132; 28 C.F.R. § 35. Dapat magkaloob ang mga LEA sa mga taong may mga kapansanan ng patas na pagkakataon upang makilahok sa o makinabang sa isang tulong, pakinabang o serbisyo, gumawa ng makatwirang mga pagbabago upang maiwasan ang pagtatangi batay sa kapansanan, at gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang tiyakin na ang mga pakikipag-usap sa mga taong may mga kapansanan ay kasing mabisa sa pakikipag-usap sa iba. 28 C.F.R. §§ 35.130(b)(1), (b)(7), 35.160(a)(1). Katulad, ipinagbabawal ng Seksyon 504 ng Batas sa Pagbabagong-buhay ng 1974 ang mga tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal sa pagtatangi dahil lamang sa kapansanan na nasa kanilang mga programa at mga aktibidad. 29 U.S.C. § 794. Para sa karagdagang gabay, tingnan U.S. Dep't of Justice, Civil Rights Division, *Communicating with People Who Are Deaf or Hard of Hearing: ADA Guide for Law Enforcement Officers* (updated Feb. 25, 2020), <https://www.ada.gov/resources/law-enforcementguide/#:~:text=Law%20enforcement%20agencies%20must%20provide,law%20enforcement%20services%20being%20provided>; U.S. Dep't of Justice, Civil Rights Division, *ADA Requirements: Effective Communication* (updated Feb. 28, 2020), <https://www.ada.gov/resources/effective-communication/>; U.S. Dep't of Justice, Civil Rights Division, *Commonly Asked Questions About the Americans with Disabilities Act and Law Enforcement* (updated Feb. 28, 2020), <https://www.ada.gov/resources/commonly-asked-questions-law-enforcement/>. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa mabisang pakikipag-usap sa ilalim ng Batas para sa Amerikanong may Kapansanan at Seksyon 504 ng Batas sa Pagbabagong-buhay ng 1974 para sa mga indibidwal na bingi o hirap sa pandinig, mangyaring makipag-ugnay sa [ADA Information Line](#) sa 800-514-0301 (tinig) or 1-833-610-1264 (TTY)

Upang masuportahan ang mga LEA, gayundin ang mga komunidad na may limitadong kakayahan sa Ingles, inilunsad ng Departamento ng Hustisya ang Pagpapasimuno para sa Kaparaanan sa Wika ng mga Tagapagpatupad ng Batas noong Disyembre 2022.<sup>10</sup> Ang pagpapasimunong ito ay gumuguhit sa malaking karanasan ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil na malapit na nagtatatrabaho kasama ang mga LEA sa pagpapatupad ng praktikal na mga estratehiya upang pagtagumpayan ang mga hadlang sa wika. Sa pamamagitan ng pagpapasimuno, pinapa-unlad ang mga pagtutulungan ng mga rehiyon ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil sa pagitan ng mga LEA, mga Tanggapan ng Abogado ng Estados Unidos, at ibang mga tagapagsapalaran upang iakma ang pinakabagong mga daanan batay sa karanasan patungo sa kanilang mga sariling pangangailangan, pati na rin ang pagbubuo, pagbabalot, at palakasin ang karagdagang mga ideya at mga kalutasan na lumalabas mula sa mga pagsosyong ito. Ang pampublikong nakaharap sa mga mapagkukunan na humantong mula sa pagsisikap na ito ay regular ng babaguhin at ipo-post sa <https://www.lep.gov/law-enforcement>, kung saan ay nandoon din ang aming mga kamakailang mga kasunduan at iba pang mapagkukunan ng pagpapatupad ng batas.

Hinihikayat namin kayong suriin ang mga ipo-post na mapagkukunan, makipag-ugnayan sa mga kasamahan upang pag-usapan ang mga patakaran at pamamaraan sa kaparaanan sa wika, humingi ng maipapasok mula sa mga komunidad na inyong pinaglilingkuran, at iangkop ang mga halimbawang prinsipyo sa kaparaanan sa wika sa inyong sariling ahensiya. Ipagpapatuloy ng DOJ na suriin ang mga LEA para sa pagsunod sa Titolo VI, ang Batas sa Ligtas na mga Lansangan, at iba pang mga pederal na mga obligasyon at siyasatin ang mga daing. Tinatanggap din ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ang direktang pagdinig mula sa mga LEA at iba pang mga tagapagsapalaran, kabilang ang mga kahilingan sa teknikal na tulong mula sa mga LEA katulad ng magkaloob ng kurikulum sa pagsasanay at suriin ang plano sa kaparaanan sa wika at mabisang mga patakaran at pamamaraan sa pakikipag-usap.

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa Pampederal na Seksyon para sa Tuwangan at Pagsunod ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil sa [LEALanguageAccess@usdoj.gov](mailto:LEALanguageAccess@usdoj.gov) o (202) 307-2222 upang matuto ng higit pa tungkol sa Pagpapasimuno sa Kaparaanan sa Wika ng Pagpapatupad ng Batas.

---

<sup>10</sup> Press Release, Justice Department Announces New Language Access Law Enforcement Initiative (Dec. 19, 2022), <https://www.justice.gov/opa/pr/justice-department-announces-new-language-access-law-enforcementinitiative>.

Taos-puso,



Kristen Clarke

Pangalawang Pangunahing Abogado

Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil

Departamento ng Hustisya ng Estados Unidos